**DIOCESE OF SAITAMA**

TOKIWA 6-4-12,
Urawa-ku,SAITAMA city
〒330-0061, JAPAN
TEL：048-831-3150
FAX：048-824-3532

**カトリックさいたま教区**

さいたま市浦和区
常盤 6-4-12
〒330-0061
TEL：048-831-3150
FAX：048-824-3532

Mensahe Ng Obispo Para Sa Bagong Taon,2010

# "KAMI'Y NAKIKIUSAP SA INYO ALANG－ALANG KAY KRISTO; HAYAAN NINYONG MAKIPAGKASUNDO KAYO SA DIYOS"(1)

Sa inyong lahat na aking mga kapatid sa Diyosesis ng Saitama,

Maligayang Pasko at Manigong Bagong Taon!

Sa aking palagay, sa gitna ng ating resesyong pang ekonomiya sa panahong ito, marami sa atin ang nalalagay hindi lamang sa mahirap na katayuan o situwasyon ng buhay kundi na rin sa sikolohikal na pagkakapagod o "stress". Subalit sa maraming mga parokya at "area blocks" ay nagsasama－sama kayo bilang magkakapatid upang manalangin, makipagbahaginan at magtulungan sa isa't isa upang malampasan natin ang mga kahirapan ng ating panahon. Nang makita ko ang lahat ng ito, nabatid kong sa oras ng paghihirap, ang biyaya ng Diyos ay laganap. Ngayong taon ay ika－10 taon din ng aking ordinasyon bilang Obispo. Sa pagbukas ng Bagong Taon, nais kong anyayahan ang lahat na magnilay at magbahaginan tungkol sa "pakikipagkasundo sa Diyos".

**Pakikipagkasundo sa Diyos**

Sa pamamagitan ni Kristo, iniligtas tayo ng Diyos habang tayo ay nakalubog pa sa putik ng kasalanan. Ang pakikipagkasundo sa Diyos ay pagbabalik ng dating relasyon ng Diyos at tao. Subalit kung titingnan natin ang ating sosyedad, ang pakikipagkasundo sa Diyos at katauhan ay hindipa lubos na nagaganap. Sa katotohan, dito sa ating mundo, ang kasamaan, kasalanan at awayan ay nananatili pa rin ; ang kapayapaan at pagkakapantaypantay ng lahat ay hindi pa lubos na natutupad. Dahil tayo ay nakipagkasundo na sa Diyos, kailangang isagawa natin ang ministeryo ng paglalahad sa lahat tungkol sa pakikipagkasundo sa Diyos. Ito ang sinabi ni San Pablo :

> Sa pamamagitan ni Kristo, ibinilang tayo ng Diyos na mga kaibigan at hindi na kaaway . At kami naman ay inatasan niyang ipamalita ito. (2)

Dahil kayo ay nananalangin para sa kapayapaan at nagpapahayag ng Mabuting Balita sa iba't ibang lugar, ginagampanan na rin ninyo ang inyong mga tungkulin bilang taga pamalita ng pakikipagkasundo sa Diyos. Dito, nais kung ibahagi sa inyo ang tatlong paksa tungkol sa

pakikipagkasundo sa Diyos na hindi na rin bago sa kaalaman ng lahat.

**Pakikipagkasundo Sa Ating Mga Sarili**

May labing dalawang baytang ang programa upang gumaling sa iba't ibang uri ng adiksyon. Ang mga sumusunod ay hango sa isang bahagi ng isang dasal na napapaloob sa labing dalawang baytang na ito:

Kahit gaano pa ako kahina, kahit hindi ko na magawang mapanghawakan ang aking hay; Ang hindi ko pagtanggap ng mga bagay sa aking sarili ang siyang pumipigil upang makilala ko ng lubos kung sino ako.

Ang ating hindi pagtanggap na nagmumula sa ating kalooban ang
pumipigil sa atin upang malaman natin ang ating mga kahinaan, kakulangan at mga sagabal sa ating buhay. Hindi kaya dahil tayo ay labis na abala sa pagpapanggap na tayo ay mas malakas sa tutuo nating lakas o di kaya naman ay labis tayong nag—iisip kung ano ang sasabihin ng iba tungkol sa atin? Ang atin bang mga tainga ay laging nakatuon sa mga babala ng ating mga kaiibigan? Kung alalahanin lamang natin na tinanggap na tayo ng Diyos maging ano man tayo , ito ay magiging isang magandang pagkakataon upang matanggap din natin ang ating mga sarili kung ano man tayo. Marahil, labis tayong nababalot sa pagpapahalaga ng isang sosyedad na nagbibigay importansiya lamang sa ekonomiya at epikasya.Ito ay naaayon na rin sa pananaw ng bawat isa sa atin , ngunit may mga pagkakataon na nagbibigay tayo ng hindi makayanang pabigat at mga ekspektasyon sa ibang tao na hindi nila ito maaaring dalhin.Tutugon ba tayo sa mga ekspektasyon na ito o hindi? Kahit saan natin tingnan,kailangang tanungin muna natin ang ating mga sarili kung nakakalimot ba tayo sa tutuong nais nating gawin at kung ano ang ating tunay na hinahangad.Upang

tayo ay makapagkasundo sa ating mga sarili,sa palagay ko mahalaga na magbigay tayo ng panahon upang magdasal at makipagbahaginan sa isa'tisa tungkol sa tunay na kalagayan ng ating mga kaisipan at katawan, ang gawi ng ating pamumuhay at ang ating relasyon sa kapwa.

**Pakikipagkasundo Sa Ating Kapwa**

Labis akong nagagalak na kayo, bilang magkakapatid ay nagkakasamasama nang maupo sa paligid ng piging ng ating Panginoon. Ngunit alam nating lahat na mayroon pang mga komunidad na nahahati at nag naglalabanlaban ; mayroon din namang iba na tumiwalag na ng lubusan sa ating Inang Simbahan. Madaling sabihin na ang paggawa ng isang komunidad ay isang makataong pagpupunyagi, sa makatuwid likas lamang na isipin na ito ang kahahantungan. Subalit sinasabi ng Banal Na Kasulatan, "Magmahalan kayo bilang tunay na magkakapatid at pahalagahan ninyo ang iba nang higit sa pagpapahalaga nila sa inyo"(3) "Kung nasasaktan ang isang bahagi,nasasaktan ang lahat; kung pinaparangalan ang isang bahagi, nagagalak ang lahat".(4)

Ang pinakamahalagang bagay sa pakikipagkasundo sa ating kapwa ay ang paggabay ng banal na Espiritu.Kailangan nating saliksikin ang ninanais ng Panginoon, kung ang ating mga salita at gawa ay naayon sa kagustuhan ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng ating samasamang pagtatalakayan. Maari ninyong gamitin ang mga sumusunod na salita ni San Pablo sa inyong mga talakayan:

"Para sa ikabubuti ng lahat, ang bawat isa'y binigyan ng kaloob na nagpapakitang

nasa kanya ang Espiritu. Inilagay ng Diyos ang bawat bahagi ng katawan ayon sa kanyang kalooban. Hindi masasabi ng mata sa kamay, “Hindi kita kailangan”, ni ang ulo, sa mga paa, “Hindi ko kayo kailangan”.(5)

**Pakikipagkasundo Sa Kalikasan**

Kung babanggitin ko sa inyo ngayon ang pakikipagkasundo sa kalikasan, marahil masasabi ninyo na ito’y nalalayo sa ating paksa tungkol sa pakikipagkasundo sa Diyos at katauhan. Subalit ang pakikipagkasundo sa kalikasan na gawa Diyos ay may malaking kaugnayan sa ating espirituwal na pagdaralita, kung paano tayo namumuhay dito sa mundo. Sa madaling salita, ang pakikipagsundo sa kalikasan ay pagbabalik sa orihinal na relasyon ng Diyos at ng tao na ipinahayag sa pamamagitan ni

Kristo. Nang tinanong ko kayo, “ Ano ang espirituwal na pagdaralita? ” sa simula ng taong ito, nalaman nating may tatlong bagay tayo na dapat malaman. Una ay ang pagpapalaya ng ating sarili sa pagkakaalipin sa pera at mga materyal na bagay, upang makamtan natin ang tunay na kalayaan. Ang pangalawa ay ang tamang paghuhusga sa kahalagahan ng mga biyaya at bunga na dulot ng kalikasan sa pamamagitan ng pagtanong natin sa ating mga sarili kung papaano nating ginagamit ang mga bagay tulad ng hangin at tubig na bahagi ng nilikha ng Diyos. Ang pangatlo ay ang pakikipagtagpo ng katauhan sa kalikasan. Hindi ko maaaring talakayin ng lubusan sa inyo ngayon dito ng ang tungkol sa ‘ pagdaralitang espirituwal’ ngunit aking inaasam na maari kong gawin ito sa hinaharap.

Noong nakaraang taon ay nagkaroon kayo ng malalim na talakayan ayon sa katanungan na ipinadala ko sa komite ng Pastoral para sa Ebanghelisasyon, “Ano ang magagawa ng Simbahan tungkol sa problema ng ‘kahirapan’ at ‘kapaligiran’ ? ”. Sa darating na buwan ng Enero ay ibibigay namin sa inyo ang kabuuan ng mga kasagutan sa mga katanungan na aming isinagawa tungkol sa paksang ito. Pagkatapos nating mabasa ang nilalaman ng sulat na ito, sa palagay ko bilang isang “diyosesis” ay maari na tayong humarap sa mga hamon na ihahatid ng pakikipagkasundo sa kalikasan.

Sa liham na ito ay sinubok kong talakayin sa inyo ang paksa tungkol sa pakikipagkasundo. Dinadalangin ko na sa darating na taon, nawa’y magsama－sama tayo, kahit sa maliit na pamamaraan, na matupad nawa natin ang ating mga pananagutan bilang mga “ alagad ng pakikipagkasundo”.Ipinahahatid ko ang aking bendisyon sa inyong lahat na ang Bagong Taon ay mapuspos ng maraming biyaya.
Nawa’y pagpalain kayo ng Diyos, Ama, Anak, at Espiritu Santo.

Ika-1 ng Enero, 2010

Katolikong Diyosesis Ng Saitama
Obispo Marcelino Tani Daiiji

(1) II Korinto　5:20 (2) II Korinto　5：18　(3) Romano 12:10　(4) I Korinto 12:26　(5) I Korinto 12:7－22